Inilahad sa akin ang mga gawa ng Kalipunan ko: ang maganda sa mga ito at ang masagwa sa mga ito. Natagpuan ko sa mga kagandahan ng mga gawa nito ang nakapipinsala ay inaalis sa daan at natagpuan ko sa mga kasagwaan ng mga gawa nito ang plema ay nasa masjid hindi inililibing.

Ayon kay Abū Dharr, malugod si Allāh sa kanya: "Inilahad sa akin ang mga gawa ng Kalipunan ko: ang maganda sa mga ito at ang masagwa sa mga ito. Natagpuan ko sa mga kagandahan ng mga gawa nito ang nakapipinsala ay inaalis sa daan at natagpuan ko sa mga kasagwaan ng mga gawa nito ang plema ay nasa masjid hindi inililibing."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Inilahad ni Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ang mga gawa ng Kalipunan sa Propeta natin, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kaya natagpuan niya na kabilang sa mga kagandahan nito ang pag-aalis sa daan ng nakasasakit sa nagdaraan at natagpuan niya na kabilang sa mga kasagwaan nito ay na dumudura ang tao sa masjid at hindi inaalis ito sa pamamagitan ng paglilibing nito o iba pa.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4813